

Mas mababa ba ang presyo ng *Biodiesel*?

Hindi po. Ang mga mamimili ay may unang maling akala tungkol sa taas ng *Biodiesel* kumpara sa *diesel*. Ang paghalo ng isang porsiyento (1%) ay may karagdagang presyo sa *diesel* ng dalawa hanggang tatlong porsiyento (2-3%) ngunit may karagdagang pagtaas ng milyahe o *mileage* na umaabot ng 10-25% depende sa kundisyon ng sasakyan. Kung kaya't lumalabas na mas makakatipid kung gagamit ng *coco-biodiesel*. Kadalasan, ang mga luma at pampublikong sasakyan ang mas magbebenipisyo dito.

Magkano ang karagdagang presyo sa mga may ari ng sasakyan kapag gumamit ng *Biodiesel*?

Ang presyo ng *diesel* na may isang porsiyento (1%) ng *biodiesel* ay may karagdagang apatnapu't anim na sentimos (Php0.46) kada litro ng *blended* na *biodiesel*.

Anong katipiran ang maasahan sa paggamit ng *Biodiesel*?

Ang savings ay manggagaling sa dalawang paraan. Ang savings na manggagaling sa mas mataas na milyahe o *mileage*; at mas mahabang panahon bago mangailangan ng "*service maintenance*" para sa sasakyan at *emission testing*.

Ano ang nakikitang "*demand*" o pangangailangan ng *Biodiesel* sa Pilipinas ?

Ang paggamit o konsumo ng *diesel* ay umaabot ng walong (8) bilyong litro kada taon. Upang makamit ang layunin na magkaroon ng isang porsiyentong *coco-biodiesel* na halo sa *diesel*, kakailanganin ng 160 milyong litro ng *coconut oil* o *CNO* sa loob ng isang taon.

Kaya ba na suportahan ng *Coconut Industry* ang laki nga pangangailangan para sa *biodiesel* ?

Ang produksiyon ng *coconut oil* ay parati nang bumababa sa nakaraang sampung taon. Ang masakit dito, walumpung porsiyento (80%) ng ating *coconut oil production* ay ineexport sa mababang presyo.

Ang malaking *demand* o paggamit sa *coconut oil* dito sa ating bansa ay sa pamamagitan ng *biodiesel* para sa mga sasakyan upang masugpo ang polusyon at magbibigay ng malaking *demand* at pag-asa sa mga magniniyog. Ang malawakang paggamit ng *biodiesel* ay magbibigay ng *stabilization* ng presyo ng *coconut oil* at maengganyo ang magsasaka o magniniyog na magtanim at mag-ani ng mas marami dahil sa magandang presyo dulot ng *biodiesel program* ng gobyerno sa tulong ng mga nagmamalasakit sa industriya.

Makakawala na ang magniniyog sa pang-araw-araw na problemang

pangkabuhayan at may kinabukasan na rin sa pagtanim at pag-aaruga ng niyog dahil sa *biodiesel program* ng gobyerno.

Anong konkretong hakbang ng pamahalaan upang mapalaganap ang paggamit nito?

Dahil sa mga nakitang benepisyo ng *coco-biodiesel*, si Pres. Gloria Macapagal Arroyo ay nag-isyu ng *Memorandum Circular No.55* noong Feb 9, 2004, na nag-uutos sa lahat ng ahensiya ng gobyerno, kabilang ang mga *Government-Owned and Controlled Corporations (GOCCs)*, na gumamit ng 1% *coco-biodiesel* sa kanilang mga sasakyang *diesel*.

Ano ang posisyon ng mga *oil companies* sa paghalo o *blend* ng *biodiesel* sa kanilang *diesel fuel* ?

Napagtanto ng mga *oil companies* na ang *biodiesel* ay isang *environmentally friendly* at alternatibong *fuel*. Ang *blended biodiesel* ay nakikitang may benepisyo habang ginagamit. Ang mga *oil companies* naman ay hindi tutol sa pagbalangkas ng gobyerno ng mandato upang gumamit ng *biodiesel* na halo sa *diesel fuel* para maipakilala ang *biodiesel*.



DEPARTMENT OF ENERGY

Kaya ba ng mga kooperatiba na gumawa ng *biodiesel* ?

Hindi pa po. Napakaimportante na malaman ang *tungkol sa coconut methyl ester at biodiesel*. Kahit na sinong tao na may *basic knowledge* sa paggawa ng *methyl ester* ay kayang gumawa ng *coconut methyl ester*. Subalit, kakaunting kumpanya ang may kakayahan na gumawa nito at makamit ang espespekasyon ng *B100 biodiesel*. Kailangan din ng mga pasilidad para mas kontrolado ang mga produktong nangangailangan ng *waste water control treatment* at proseso. Kailangan ng ibang pasilidad para dito.



Gaano kaimportante ang pag-ayon sa espespekasyon para sa *Methyl Ester* na nakapaloob sa *Philippine National Standard* ?

Ang mga *oil companies* ay gagamit lamang ng *coconut methyl ester o biodiesel* na nakapasa sa *Philippine National Standard* para sa *B100*. Ito ay isang *requirement* para sa lahat ng *suppliers*. Ang isang *substandard coconut methyl ester* ay magbibigay ng malaking hadlang kapag nagkaproblema.

Source : Senbel
Fine Chemicals Company

Mga Isyu at Katanungan tungkol sa Biodiesel

DEPARTMENT OF ENERGY
Consumer Welfare and Promotion Office
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, M.M.
Hotline: (02) 840 -2267
Trunkline : (02) 840-1401 to 21

You may also text in your suggestions, comments,
queries and complaints.
Just type :
DOE <space> <message>
and then send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

Check our website at:
www.doe.gov.ph/necp/

August 2004